Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-19 NG AGOSTO, 1998, MIYERKOLES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Heidi S. Ciriaco | Pang. Punong Bayan |
| KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR. | KAGAWAD/GUMANAP NA TAGAPANGULO |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ariel T. Magcalas | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 107-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLIKHA NG POSISYONG PAMBAYANG PINUNONG PAMBATAS (LEGAL OFFICER).

SAPAGKA'T, pinahahalagahan ang paglikha ng posisyong Pambayang Pinuno Pambatas upang makatugon sa legalidad ng mga gawain at paghakbang sa anumang suliranin at kasong maaaring idulog sa hukuman;

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ang Provincial State Prosecutor ay tumatayong Tagapagtanggol ng Pamahalaang Bayan sa mga suliraning nakapaloob ang kuwestiyon ng legalidad ng anumang batas at kasulatang pampubliko;

SAPAGKA'T, ang kahilingan ng paglikha ng nasabing posisyon ay upang matugunan ang bigat ng mga gawaing nakaatang sa Provincial State Prosecutor para sa kaukulang kilos at hakbangin ng pamahalaang bayan.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jeffrey A. Villasenor, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang paglikha ng posisyong Pambayang Pinunong Pambatas (Legal Officer).

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Pronvincial State Prosecutor, Panglalawigang Tagapagtanggol, Kgg. Punong Bayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad/Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN C
RECORDED
BY:
DATE: 8.98
STA. CRUZ, LAGUNA